ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 11| November 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

PAGHAHANDA AT EBALWASYON NG KAGAMITANG PAMPAGTURO SA ASIGNATURANG FILIPINO SA PROGRAMANG ALTERNATIVE LEARNING SYSTEM

Kimberly Sheen Carcillar-Baylon
The Rizal Memorial Colleges, Inc. Davao City 8000, Philippines

ABSTRAK

Isinakatuparan ang pag-aaral upang matukoy ang antas ng kahusayan ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino sa programang Alternative Learning System (ALS) at makabuo ng isang kagamitang pampagtuturo na tutulong na mas mapaunlad ang iba't ibang kasanayang pampagkatuto ng mga mag-aaral sa programang ALS. Deskriptib-debelopmental na disenyo ng pananaliksik ang ginamit sa pag-aaral na ito. Ang lahat ng mga mag-aaral sa programang ALS ng Klaster 1, Sangay ng Lungsod ng Davao Rehiyon XI para sa Taong 2022-2023 ang awtomatikong kalahok sa pag-aaral. Ang antas ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino ay nakakuha ng resultang katamtaman lamang. Mula sa mga datos, nakitang walang makabuluhang pagkakaiba ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa programang ALS ayon sa gulang, kasarian at estado ng pag-aaral, nangangahulugang pantay ang kanilang antas ng kahusayan. Dahil dito, binigyang-tuon ng mananaliksik na makabuo ng isang suplemental na kagamitang pampagtuturo na dadaan sa ebalwasyon gamit ang pantayang kagamitang pagsusuri para sa nilalaman, wika, at pagsusuri sa anyo at disenyo. Bilang rekomendasyon, kailangang maparami ang mga kagamitang pampagtuturo upang magamit sa susunod na mga mag-aaral. Iminumungkahi rin na kumuha ng bagong datos ng mga kasanayan bilang pamantayan sa karagdagang pag-aaral. Isang katulad na pag-aaral ay dapat maisagawa upang subukin ang kabisaan nito.

SUSING SALITA: *Kasanayang Pampagkatuto, Kagamitang Pampagtuturo, Lungsod ng Davao, Rehiyon XI*

1. MGA SULIRANIN AT KALIGIRAN NITO

Ang Alternative Learning System (ALS) ay isang programang tumutulong sa mga mag-aaral na nahinto sa pag-aaral nang matagal na panahon, mga mag-aaral na ang mga estilo ng pagkatuto ay mas mahusay na nalilinang sa isang alternatibong programa at gustong makakuha ng diploma kahit may edad na. Ang mga kagamitang pampagtuturo ay ang mahahalagang kasangkapang kailangan upang makatulong sa pagtuturo at pagkatuto nang mabisa at mahusay lalong-lalo na sa mga mag-aaral na nasa programang ALS. Naobserbahan ni Onyeachu (2006) na kapag walang kagamitang pampagtuturo, ang mga mag-aaral ay hindi nakagagawa nang maayos. Ito ay nagpapahiwatig na kapag ang mga mag-aaral ay hindi gumagawa nang mabuti, ang itinakdang layunin ng edukasyon ay hindi maisasakatuparan. May iilang sekondaryang paaralan sa bansang Tanzania ang nagsasabing may kakulangan sa mga kagamitang pampagtuturo na nagdudulot ng masamang epekto sa mga mag-aaral dahil mas bumababa ang kanilang kakayahang matuto (Sumra at Rajani, 2006).

Sa pag-aaral ni Mercado (2015) na pinamagatang "Problems Encountered in the ALS Program in Tanauan City", isiniwalat na ang mga mag-aaral ay dumanas ng mga suliranin sa pagtuturo, pagtatasa at pagsusuri. Nalaman din niya na kulang ang mga pasilidad tulad ng mga silid-aralan at kagamitan sa pagtuturo tulad ng mga batayang-aklat, manual, at iba pa. Isa ring pag-aaral mula sa Tandag, Surigao Del Sur ang nagsabing isa sa nagiging problema ng mga nagtuturo ng ALS sa kanilang lugar ay ang kakulangan ng mga kagamitang pampagtuturo.

Sa Davao City National High School na isa sa mga paaralan sa lungsod ng Davao na nagtuturo ng ALS, isa sa kinakaharap na problema roon ay ang kakulangan ng mga kagamitang pampagtuturo sa asignaturang Filipino. Isa sa pinakamalaking nakaaapekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral ng ALS ay ang ginagamit ng kanilang mga guro na mga kagamitang pampagtuturo. Kung mabibigyan ng kaukulang pansin at panahon ang pagbuo rito ay maibsan ang kahirapan sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto sa programang ito.

1.1. Rebyu ng mga Makabuluhang Literatura

Ang pagpapatupad ng programang Alternative Learning System (ALS) ay nagbigay-daan sa pagbibigay ng karapatan sa edukasyon ng mga taong nasa pinakamababang estado sa lipunan tulad ng mga bata, babae, mga taong may mga kapansanan, indigenous group, at out-of-school-youth (Valk, 2009). Ang mga kagamitang pampagtuturo ay nagbibigay-buhay sa pag-aaral sa pamamagitan ng pagpapasigla sa mga mag-aaral na matuto. Ang paggamit ng mga kagamitang pampagtuturo sa silid-aralan ay may potensiyal na tulungan ang guro na maipaliwanag nang mas malinaw ang mga bagong konsepto, na nagreresulta sa mas mahusay na pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga konseptong itinuturo (Kadzera, 2006).

Pag-unawa sa Napakinggan. Ipinaliwanag ni Kurita (2012) na ang pakikinig ay isa sa pinakamahalagang aspeto sa pagkatuto. Para maging matagumpay ang paglinang sa kakayahan sa pakikinig, ang mga tagapakinig ay nararapat na makapag-isip ng mga estratehiya tulad ng pagsulat ng

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 11| November 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

mahahalagang detalyeng napakinggan (taking notes), gumawa ng mga pagsasanay, o magkaroon ng iba't ibang pamamaraan para manatiling palagay habang nakikinig.

Pag-unawa sa Binasa. Ang pag-unawa sa pagbasa ay isa sa mga pinakakomplikadong pag-uugali kung saan nakikipag-ugnayan ang mga tao. Ang mga teoristang nagbabasa ay nakipagtulungan sa kung paano ilarawan ang komprehensibo at makabuluhang pag-unawa sa pagbabasa at iba't ibang mga modelong teoretikal ang kanilang iminungkahi nitong mga nakaraang dekada (McNamara at Magliano, 2009). Ito ay mula sa malawak na mga modelong teoretikal na naglalarawan ng mga ugnayan at pakikipag-ugnayan sa mga subcomponent ng pag-unawa.

Paglinang ng Talasalitaan. Kapag sumasagi sa isipan ng isang tao ang tungkol sa talasalitaan, ang una nilang naiisip ay ang kahulugan ng mga salita. Datapwat, ang kaalaman sa mga salita ay kinasasangkutan din ng pagbabaybay, pagbigkas, morpolohiya, sintaks at lalim ng kahulugan ng isang salita (Carlo, August, McLaughlin, Snow, Dressler, Lippman, Lively, at White, 2008).

Panonood. Ayon kina Weeks at Horan (2013) na ang active learning theory, isang uri ng dulog sa pagtuturo na kung saan ang mga mag-aaral ay aktibong nakilalahok sa proseso ng pagkatuto, kabaliktaran ng sila ay nakaupo lamang nang tahimik at nakikinig, ay nagmungkahi na mas mapagtatagumpayan ng mga mag-aaral ang kinalabasan ng pagkatuto kung sila ay tahasang nakikilahok sa proseso ng pagkatuto. Ang mga gawaing pampagkatuto na itinataguyod ng mga bidyu sa pagtuturo ay nagreresulta ng masiglang pagkatuto.

Pagsasalita. Ang pagsasalita ay isa sa mga makrong kasanayan na kinakailangan para sa mas mabisang pakikipagtalastasan ng kahit anumang wika, lalo na kung ang tagapagsalita ay hindi ginagamit ang kaniyang nakagisnang wika. Isa itong kasanayang hindi dapat ipagsawalang-bahala sapagkat ito ay isa sa pinakapangunahing kasanayang kinakailangang matutuhan ng lahat kahit pa ng mga bata (Bailey, 2005 at Goh, 2007).

Pagsulat. Binanggit ni Badayos (2008) na ang pagsusulat ay isang aktibidad na pinagmulan ng mga kasanayan hanggang sa ito ay magamit sa aktuwal na pangangailangan (skill-using). Sa isang makabagong pananaw, ang pagsusulat ay isang proseso sa lipunan na nagsasaad kung alin ang ginagamit sa pakikipag-usap sa iba, sa iba't ibang mga konteksto o sitwasyon. Ang pagsulat ay isang napakahalagang kasanayan sa pagkatuto at pagbuo ng wika.

Wika at Gramatika. Ang pagkatuto ng gramatika ay siya ring pinagmulan ng pagkatuto ng wika lalo na kung ang kawastuhan ang mas binibigyang-tuon sa halip na ang katatasan. Kaya naman sa ganitong pananaw, umusbong ang hindi maiiwasang suliranin sa pagtuturo at pagkatuto ng gramatika at ang kaugnay na kahirapang kinakaharap ng parehong guro at mga mag-aaral (Ellis, 2008).

1.2. Teoretikal/Konseptuwal na Balangkas


Ipinaliwanag sa teorya nina Vygotsky (1978) at Piaget (1963) ang gamit ng teoryang conctructivism sa proseso ng pagtuturo-pagkatuto sa labas ng mga silid-aralan. Tinangkang alamin ng dalawang teorista kung ang direktang pagtuturo lamang sa loob ng silid-aralan ang nagiging dahilan ng pagkatuto ng mga mag-aaral. May isang pag-aaral na sinubukan sa kursong Educational Psychology, kung saan ang mga mag-aaral dito ay ipinakilala sa ideyang ang mga tuturuan nilang mga mag-aaral sa hinaharap ay kusang tutuklas at bubuo ng sariling kahulugan mula sa kanilang kapaligiran.

Dahil dito, hinikayat silang alalahaning muli ang pananaw nila sa pagtuturo. Sa makabagong papel na ginagampanan ng mga guro, binigyang-linaw na hindi sila ang naghahatid ng mga kaalaman, sa halip, sila ay tagapagdisenyo ng karanasan kung saan ang mga mag-aaral ay kinakailangang siyasatin ang proseso ng kanilang sariling pag-iisip at paraan ng pagkatuto, mangalap, magtala at sumuri ng mga datos, gumawa at sumubok ng hypotheses. Sa madaling salita, bubuo sila ng sarili nilang pagpapakahulugan tungkol sa kanilang natutuhan.

Bukod dito, binanggit ni Renner (1982) sa kaniyang Curriculum Model of Instruction (CMI), gabay na ginagamit sa larangan ng edukasyon upang malaman ang isang natatanging aspeto sa pagkatuto, gaya ng mga asignatura, takdang panahon at paraan ng pagtuturo at ang Curriculum Development Theory (CDT) ni John Dewey (1939) ang tungkol sa paggamit ng maunlad na materyal bilang suporta kung saan ang mga mag-aaral ay mailantad sa isang makabuluhan at may katuturang mga aktibidad na nagpapahintulot sa kanilang mailapat ang konseptong nakikipaglaban sila upang may matutuhan.

Inilarawan ang nakasulat sa konseptuwal na modelo ng pag-aaral. Ang baryabol ng pag-aaral ay ang antas ng kasanayang pampagkatuto. Ito ay ang mga indikeytor ng pag-unawa sa napakinggan, pag-unawa sa binasa, paglinang ng talasalitaan, panoood, pagsasalita, pagsulat, at wika at gramatika (Conole, 2018).

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 11| November 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188



Talangguhitan I. Konseptuwal na Modelo ng Pag-aaral

1.3. Paglalahad ng Suliranin

Isinakatuparan ang pag-aaral na ito upang matukoy ang antas ng kahusayan ng mga mag-aaral sa mga kasanayan sa asignaturang Filipino sa programang Alternative Learning System (ALS). Mula rito, ang mananaliksik ay nagbigay pokus sa paghahanda at ebalwasyon ng kagamitang pampagtuturo sa asignaturang Filipino. Sa katiyakan, tinangkang sagutin ng pag-aaral na ito ang sumusunod:

1. Ano ang profayl ng mga mag-aaral sa programang Alternative Learning System (ALS) ayon sa:
    1.1. gulang;
    1.2. kasarian; at
    1.3. estado ng pag-aaral?
2. Ano ang antas ng kahusayan ng mga mag-aaral ng ALS sa mga kasanayan sa asignaturang Filipino, ayon sa:
    21. pag-unawa sa napakinggan;
    2.2 pag-unawa sa binasa;
    2.3 paglinang ng talasalitaan;
    2.4 panonood;
    2.5 pagsasalita;
    2.6 pagsulat; at
    2.7 wika at gramatika?
3. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kahusayan ng mga mag-aaral ng ALS sa mga asignaturang Filipino kung papangkatin ayon sa kasarian, gulang at estado ng pag-aaral?
4. Batay sa kinalabasan ng pag-aaral, sa asignaturang Filipino para sa programang ALS, anong kagamitang pampagtuturo ang maaaring ihanda at tayahin?

2. PAMAMARAAN

2.1. Disenyo ng Pananaliksik

Ginamit sa pag-aaral na ito ang deskriptib-debelopmental na disenyo ng pananaliksik na kabilang sa pagsusuri sa dami ng datos (Nassaji, 2015). Nilalayon ng mananaliksik na matukoy ang antas ng kasanayang pampagkatuto sa Filipino ng mga mag-aaral sa programang Alternative Learning System sa Davao City National High School at Sta. Ana National High School, Sangay ng Lungsod ng Davao.

2.2. Ang mga Kalahok

May kabuoang siyamnapu't limang (95) kalahok ang naitala para sa pagsagot ng talatanungan, dalawampu't lima (25) ang mula sa Davao City National High School at pitumpo (70) naman mula sa Sta. Ana National High School. Kasama rito ang datos ng mga kasanayang pampagkatuto ng mga mag-aaral ng Filipino sa programang Alternative Learning System.

2.3. Mga Hakbang sa Paglilikom ng mga Datos

Ang mananaliksik ay humingi ng pahintulot sa Dekano ng Paaralang Gradwado ng Rizal Memorial Colleges, Dr. Pablo F. Busquit. Nang natanggap ang pahintulot ng Dekano, inihanay ng mananaliksik ang kaniyang mga gagawin kaugnay sa paglikom ng mga datos. Pagkatapos makuha ang pahintulot ng tagapamanihala, gumawa ng liham ang mananaliksik para sa mga Koordineytor ng programang Alternative Learning System ng Davao City National High School at Sta. Ana National High School. Matapos makuha ang mga kinakailangang dokumento, inihanay at sinuri ng mananaliksik ang nalikom na mga datos gamit ang mga angkop na pormula ng estadistika. Sa paghahanda ng materyal, ang mananaliksik ay nangalap ng iba't ibang uri ng mga aklat sa Filipino, at

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 11| November 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

inipon ang lahat ng mga nakalap na gawain at kasanayan upang mabuo ang kagamitang pampagtuturo.

2.4. Pagsusuri ng Datos

Mean at Percentage. Ito ang ginamit para sa mga kinakailangang kasanayang pampagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino sa programang Alternative Learning System.

Analysis of Variance (ANOVA). Ginamit ito upang malaman kung mayroon bang makabuluhang pagkakaiba ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa programang Alternative Learning System ayon sa gulang.

T-test. Ginamit ito upang malaman kung mayroon bang makabuluhang pagkakaiba ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa programang Alternative Learning System ayon sa kanilang kasarian at estado ng pag-aaral.

3.PAGTALAKAY SA MGA KINALABASAN

Talahanayan 1. Profayl ng mga Kalahok

Mga Baryabol	Parameter	f	Bahagdan
Gulang	15- pababa	2	2.10%
	16- 17	13	13.68%
	18-20	46	48.42%
	21-23	18	18.95%
	24-26	16	16.84%
	Kabuoan	95	100.00%
Kasarian			
	Lalake	42	44.21%
	Babae	53	55.78%
	Kabuoan	95	100.00%
Estado ng Pag-aaral	Nagtatrabaho	43	45.26%
	Hindi Nagtatrabaho	52	54.73%
	Kabuoan	95	100.00%

Nakapagtala ng 95 na kalahok ang mananaliksik para sa kaniyang pag-aaral na may bahagdan na 100%. Kung titingnan ang resulta, makikitang mas maraming kalahok na nasa 18-20 na taong gulang, mahihinuha mula rito na mas marami ang napabilang sa Alternative Learning System na nasa parehong gulang. Para naman sa kasarian, makikitang mas marami ang mga kalahok na babae na may bilang limampu't tatlo (53) at bahagdan na 55.78% kung ihahambing sa mga lalaki na mayroon lamang apatnapu't dalawang (42) kalahok, katumbas sa 44.21% bahagdan.

Sa estado naman ng pag-aaral ng mga napabilang sa programang Alternative Learning System, may limampu't dalawang (52) kalahok ang hindi nagtatrabaho na katumbas sa 54.73% na bahagdan, mas marami kung ihahambing sa mga mag-aaral na nagtatrabaho habang nag-aaral na nakakuha ng bahagdan na 45.26% at bilang ng mga kalahok na apatnapu't tatlo (43) lang.

Talahanayan 9. Buod ng Pangkalahatang Datos sa Antas ng Kahusayan ng mga Mag-aaral sa Programang Alternative Learning System

Blg.	Mga Aytem	Mean	Palarawang Katumbas
1.	Pag-unawa sa Napakinggan	3.44	Mataas
2.	Pag-unawa sa Binasa	3.47	Mataas
3.	Paglinang ng Talasalitaan	3.25	Katamtaman
4.	Panonood	3.33	Katamtaman
5.	Pagsasalita	3.45	Mataas
6.	Pagsulat	3.53	Mataas
7.	Gramatika at Wika	3.38	Katamtaman
Kabuoan		3.41	Mataas

Nakikita sa talahanayan na ang kahinaan ng mga kalahok ay nasa paglinang ng talasalitaan, panonood at gramatika at wika. Dahil dito masasabi rin na ang kahinaan ng mga mag-aaral na napabilang sa programang Alternative Learning System ay ang tatlong kasanayang pampagkatutong ito. Nakikitang may pagkakataong ang mga mag-aaral ay nahihirapan sa mga kasanayang ito.

Kaya naman, mula sa mga nalikom na resulta ng datos, ang mga kasanayang nabanggit ang kinakailangang labis na pagtuunan ng pansin ng mga mag-aaral na paghusayan at pag-aralan pa. Lalong-lalo na sa mga kasanayang nakakuha ng katamtamang resulta lamang. Sa mga guro naman, bigyang-diin ang pagtuturo sa kasanayang may mas mababang antas ng kahusayan.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 11| November 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Talahanayan 10. Datos sa Makabuluhang Pagkakaiba sa Antas ng Kahusayan ng mga Mag-aaral sa Programang Alternative Learning System sa mga Kasanayan sa Asignaturang Filipino Kung Papangkatin Ayon sa Gulang

Sources	SS	Df	Mean	F-Value	Interpretasyon at Pasya
Between	0.8798	4	0.2199	0.50146	Di-Makabuluhan
				P-value	Ang Ho ay
Within	39.0351	89	0.4386	0.12	Tinanggap
Kabuoan	39.9149	93			

DM- Di Makabuluhan sa 0.05 Antas ng Kahalagahan

Nakikita mula sa naging resulta na malaki ang ginagampanang papel ng gulang ng mga mag-aaral na nasa ALS sa antas ng kanilang kahusayan sa asignaturang Filipino. Sinalungat ng pag-aaral ni Russel (2006) ang lumabas na resulta dahil ayon sa kanya magkaiba ang paraan ng pagkatuto ng mga mag-aaral na nasa wastong gulang ng pag-aaral kung ihahambing sa mga may edad na. Ang malaking pagkakaiba ng dalawa ay sa antas ng motibasyon, lawak ng karanasan, antas ng pakikilahok sa proseso ng pagkatuto at kung paano ginamit ang mga natutuhan.

Talahanayan 11. Datos sa Makabuluhang Pagkakaiba sa Antas ng Kahusayan ng mga Mag-aaral sa Programang Alternative Learning System sa mga Kasanayan sa Asignaturang Filipino Kung Papangkatin Ayon sa Kasarian

Baryabol	Mean	t-value	p-value	Interpretasyon at Pasya
Lalake	3.98	.738DM	.217	Di- Makabuluhan
Babae	4.90			Ang Ho ay Tinanggap
Kabuoan	4.03			

DM- Di Makabuluhan sa 0.05 Antas ng Kahalagahan

Lumabas ang tinuos na t-valyu na (0.738) nang suriin ang pagkakaiba ng dalawang baryabol. Ang nasabing valyu ay nagpapakita ng mababang digri ng pagkakaiba. Masasabing ang pagkakaiba sa antas ng kahusayan ng mga mag-aaral ayon sa kasarian ay di-makabuluhan sapagkat ang t-value na 0.738 ay natagpuang mas mataas kung ihambing sa 0.05 antas ng kahalagahan. Masasabing ang pagkakaiba ay di-makabuluhan sapagkat ang p-value na 0.217 ay natagpuang mas mataas kung ihambing sa 0.05 antas ng kahalagahan. Ang null hipotesis na nagsasabi na walang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kahusayan ng mga mag-aaral sa Alternative Learning System sa mga kasanayan sa asignaturang Filipino kung papangkatin ayon sa kasarian ay tinanggap. Sa madaling sabi, magkatulad lamang ang antas ng kahusayan ng babae at lalaki na nasa programang ALS.

Talahanayan 12. Datos sa Makabuluhang Pagkakaiba sa Antas ng Kahusayan ng mga Mag-aaral sa Programang Alternative Learning System sa mga Kasanayan sa Asignaturang Filipino Kung Papangkatin Ayon sa Estado ng Pag-aaral

Baryabol	Mean	t-value	p-value	Interpretasyon at Pasya
Nagtatrabaho	3.97	.728DM	.215	Di- Makabuluhan
Hindi Nagtatrabaho	4.07			Ang Ho ay Tinanggap
Kabuoan	4.02			

DM- Di Makabuluhan sa 0.05 Antas ng Kahalagahan

Nasasabing ang pagkakaiba ay di-makabuluhan sapagkat ang t-value ay 0.728, masasabing ang pagkakaiba ay di-makabuluhan sapagkat ang p-value na 0.217 ay natagpuang mas mataas kung ihambing sa 0.05 antas ng kahalagahan. Ang null hipotesis na nagsasabi na walang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kahusayan ng mga mag-aaral sa Alternative Learning System sa mga kasanayan sa asignaturang Filipino kung papangkatin ayon sa estado ng pag-aaral ay tinanggap.

Kung titingnan ang mga resulta ng datos na nasa itaas, malinaw na naiuugnay ang mga ito sa teorya ng sumusunod na sikolohista: sa teorya nina Vygotsky (1978) at Piaget (1963) na constructivism, nakikita mula sa naging resulta na hindi lamang natututo ang mga mag-aaral ng ALS sa loob ng silid-aralan, sapagkat kahit pa man sa labas ng silid-aralan ay

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 11| November 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

natututo pa rin sila dahil sa dinisenyong distance learning na paraan ng pagkatuto.

Pinatunayan naman ni Lev Vygotsky (1978) ang kinalabasan ng resulta nang binigyang diin ang teoryang Socio-Cultural na kung saan ang mga mag-aaral ay mas natututo kung may tulong o gabay mula sa mga nakalimbag na mga kagamitan o iba pang kagamitang pampagkatuto. Para naman kina Renner (1982) sa kaniyang Curriculum Model of Instruction at Dewey (1939) sa kaniyang Curriculum Development Theory (CDT) sinabi nilang napakahalaga ng papel na ginagampanan ng mga kagamitang pampagtuturo na tutulong sa mga mag-aaral na mas mailantad ang kanilang mga kasanayan batay sa iba't ibang gawain.

3. KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

3.1. Konklusyon

Batay sa mga pagsusuri ng mga natuklasan, humantong ang mananaliksik sa sumusunod na konklusyon: may mataas na antas ng kahusayan ang mga mag-aaral sa mga kasanayang pag-unawa sa napakinggan, pag-unawa sa binasa, pagsasalita at pagsulat. Bagamat mataas ang kabuoan, may tatlong indikeytor na nasa antas katamtaman: paglinang ng talasalitaan, panonood at gramatika at wika. Sa ikatlong suliranin, natagpuang walang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kahusayan ng mga mag-aaral ng ALS sa asignaturang Filipino kung papangkatin ayon sa kasarian, gulang at estado ng pag-aaral. Tinanggap naman ng datos ang hipotesis na nagsasabi na walang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kahusayan ang mga mag-aaral ng ALS sa mga kasanayan sa asignaturang Filipino kung papangkatin ayon sa profayl.

Dahil dito ang mananaliksik ay nakabuo ng isang kagamitang pampagtuturo na naglalaman ng mga kasanayang kailangang isaalang-alang sa pagkatuto at bawat kasanayan ay may mga pagsasanay na hahasa sa kanilang kaalaman ukol sa bawat aralin. Isang kagamitang pampagtuturo na dumaan sa tahasang ebalwasyon ng mga dalubhasa sa asignaturang Filipino.

3.2. Rekomendasyon

Una, sa mga Administrador at Tagaplano ng Kurikulum. Mula sa naging resulta, iminumungkahing bigyang-tugon ang mga kinakailangang kasanayan ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino sa programang Alternative Learning System (ALS). Maaaring magbalangkas ng mga alternatibong kagamitang pampagtuturo at mabigyan ng angkop na mga gawain ang mga mag-aaral para makatulong sa paglinang ng mga kasanayang pampagkatuto.

Pangalawa, sa kaguruan na nagtuturo sa programang Alternative Learning System, ugaliing malaman at masukat ang kasanayang taglay ng mga mag-aaral upang maibigay ang angkop na kagamitang makapagpapa-unlad ng kanilang kakayahan. Ang pagbuo ng angkop na kagamitang pampagtuturo na naaayon sa kanilang katayuan ay malaking tulong sa kanilang pag-aaral. Inirekomenda rin na ang resultang nakuha mula sa pananaliksik ay maaaring gawing batayan ng mga guro sa kanilang pagbabalak at pagdidisenyo ng mga aralin para sa kanilang mga mag-aaral sa ALS.

Pangatlo, sa mga mananaliksik. Batay sa kinalabasan ng pag-aaral, maaaring magsagawa ng karagdagang pag-aaral sa hinaharap ukol sa mga kagamitang pampagtuturo ng ALS na maaaring magamit ng mga guro at mag-aaral. Maaaring gamitin ito bilang kaugnay na pag-aaral.

Mga Sanggunian

1. *Badayos, P. B. (2008) Metodolohiya sa Pagtuturo at Pagkatuto ng/sa Filipino: Mga Teorya, Simulain, at Istratehiya. Mutya Publishing House, 2008.*
2. *Bailey, K.M. (2005). Practical English Language Teaching: Speaking. New York: McGraw-Hill.*
3. *Carlo, M. S., August, D., McLaughlin, B., Snow, C., Dressler, C., Lippman, D. Lively, T. J. & White, C. E. (2008). Closing the gap: Addressing the vocabulary needs of English language learners in bilingual and mainstream classrooms. Journal of Education, 189(1/2), 57-76.*
4. *Conole, G. (2018). The 7Cs of learning design – a new approach to rethinking design practice. http://www.lancaster.ac.uk/fss/organisations/netlc/past/nlc 2014/.*
5. *Ellis, R. (2008). The study of second language acquisition. Oxford University Press.*
6. *Goh, C. (2007). Teaching speaking in the language classroom. Singapore: SEAMEO Regional Language Centre.*
7. *Kadzera, C. M. (2006) Use of instructional technologies in teacher training colleges in Malawi. Virginia Polytechnic Institute and State University ProQuest Dissertations Publishing, 2006. 3233238.*
8. *Kurita, T. (2012). Issues in second language listening comprehension and the pedagogical implications. Accents Asia, 5(1), 30-44.*
9. *McNamara, D.S., & Magliano, J.P. (2009). Towards a comprehensive model of comprehension. In B. Ross (Ed.), The psychology of learning and motivation (Vol. 51, pp. 297–384). New York, NY: Elsevier Science.*
10. *Mercado, I.P.B. (2015). Problems Encountered in the Alternative Learning System in Tanauan City. International Journal of Education and Social Science, 2(8), 38-43. Kinuha mula sa: http://www.ijessnet.com/wp-content/uploads/2015/09/5.pdf.*
11. *Nassaji, H. (2015) 'Qualitative and descriptive research: Data type versus data analysis', Language Teaching Research, 19(2).*
12. *Onyeachu, J. (2006) The process of mobilization and utilization of resources for effective implementation of primary education curriculum in Nigeria. Department of curriculum & teacher education, Abia State University, Uturu.*
13. *Piaget, J. (1920). La psychanalyse dans ses rapports avec la psychologie de l'enfant. Bulletin de la Société Alfred Binet, 131, 18-33, and 132/133, 41-57.*
14. *Piaget, J. (1963). Origins of Intelligence in Children. New York: Norton.*
15. *Renner, M. (1982). The learning cycle, comparison of model strategies for Conceptual reconstruction. ua.edu/ScienceInElem&MiddleSchool/565LearningCycleComparingModels.html.*
16. *Sumra. S. & Rajani, R. (2006). Secondary Education in Tanzania: Key Policy Change, Hakielimu, Dar es Salaam, Tanzania.*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 11| November 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

17. *Valk A. (2009). Recognition of prior and experiential learning in European Universities. Assessment in Education: Principles, Policy & Practice, 16, 83-95.*
18. *Vygotsky, L. S. (1978). Mind in Society: The Development of Higher Mental Process. Cambridge, MA: Harvard University Press.*
19. *Vygotsky, L. (1987). Zone of proximal development. Mind in society: The development of higher psychological processes, 5291, 157.*
20. *Weeks, B. K. & Horan, S. A. (2013). A video-based learning activity is effective for preparing physiotherapy students for practical examinations. Physiotherapy, 99, 292–297. doi:10.1016/j.physio.2013.02.002.*